

Bacterial Vaginosis (BV)

Ang “BV” (bacterial vaginosis) ay isang kondisyon kung saan mayroong pagbabago sa bilang ng mga uri ng bacteria sa vagina. Ang dahilan ng mga pagbabagong ito ay hindi lubos na nalalaman. Ang sekswal na aktibidad at ang pagkakaroon ng bagong sex partner ay maaaring magpataas ng iyong panganib na magkaroon ng BV. May gamot na makakabawas ng bacteria na nagdudulot ng BV.

Paano ko malalaman kung mayroon akong BV?

Maaaring mayroon ka ng alinman sa sumusunod na mga problema:

- Kulay abo, dilaw, o puti na amoy “fishy” na discharge mula sa vagina.
- Pangangati sa paligid ng vagina.
- Maraming tao na may BV ang walang sintomas.

Malubhang problema ba ang BV?

- Sa panahon ng pagbubuntis, ang bacterial vaginosis ay maaaring maging sanhi ng maagang panganganak.
- Kung ang isang tao ay may BV at kailangang magkaroon ng gynecologic procedure (halimbawa isang surgical abortion o hysterectomy), pinakamainam na gamutin ang BV bago ang procedure kung posible.
- Kung hindi buntis ang isang tao at walang anumang sintomas ng BV, hindi kinakailangang uminom ng gamot.
- Ang BV ay maaaring magdulot sa isang tao na maging mas malamang na makakuha ng iba pang mga STI.

Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng BV?

- Huwag mag-douche (pagbanlaw sa puki ng tubig o iba pang likido)! Sa tingin namin, pinapataas ng douching ang BV bacteria sa vagina at nahuhugasan ang mabubuting bacteria na tumutulong mapanatiling malusog ang vagina. Ang douching ay naiugnay din sa pelvic inflammatory disease (PID), isang malubhang impeksyon sa matris, mga tubo at obaryo.
- Siguraduhing tapusin ang lahat ng iyong gamot para sa BV, kahit na bumuti pa ang iyong mga sintomas.
- Limitahan ang bilang ng iyong mga sex partner.
- Kung madalas kang magkaroon ng BV, kausapin ang iyong clinician tungkol sa pag-iwas sa BV.
- Ang ilang tao ay paulit-ulit na nagkakaroon ng BV, lalo na pagkatapos ng pakikipagtalik. **Ang paggamit ng mga condom ay maaaring makatulong na maiwasan ito.**
- Nagagawa ng mga tao na kumalat ang BV sa mga vagina ng ibang mga partner habang nakikipagtalik kung nagbabahagi sila ng mga sex toy. Ang paghuhugas ng mga sex toy sa pagitan ng mga paggamit o paggamit ng condom sa mga sex toy ay maaaring maiwasan ito.

Paano ang paggamot ng BV?

- Ang gamot na tinatawag na metronidazole o clindamycin ay maaaring ibigay sa anyo ng pildoras o vaginal cream.
- Kung ang iyong partner ay may penis, hindi na sila kailangang gamutin para sa BV.
- Walang mga probiotic supplement na napatunayang gumagamot o panlaban sa BV.

OVER

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:



City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org



Para sa higit pang impormasyon:

Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyng sariing health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

Pangkalahatang STI

www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)

www.cdc.gov/std/

www.sfcityclinic.org

www.sfsi.org/

Contraception at STI/sex info

www.bedsider.org

Teens

www.iwannaknow.org

www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)

www.scarleteen.com